

PUMUNTA SA OSPITAL O MAMALAGI RITO?

Isang Gabay sa Pagpasiya para
sa Mga Pasyente at Mga Pamilya





Alam ba ninyo na halos kalahati sa mga paglilipat sa ospital ay maaaring maiwasan?

Matutulungan kayo ng Gabay na ito upang maunawaan kung bakit ginagawa ang mga paglilipat na ito at kung paano kayo makasangkot sa pagpapasiyang ito.

PAGBABAGO SA KONDISYON

Ang tanong kung papupuntahin kayo sa ospital o pananatilihin kayo rito ay maaaring ipahayag kung magbabago ang inyong kondisyon. Itong pagbabago ay maaaring isang lagnat, pangangapos ng hininga, pananakit, pinsala na dulot ng pagkahulog, o iba pang pagbabago sa inyong kondisyon. Maaaring napansin ng inyong doktor, nars o katulong ang pagbabagong ito o maaaring kayo ang na-ulat nito sa kanila.

BAKIT PAG-IISIPAN ITO NGAYON?

Ibinibigay sa inyo ang impormasyong ito upang makagawa kayo ng isang may kaalamang pagpasiya kung napahayag ang tanong ng pagpunta sa ospital.

Mahirap magpasiya tungkol sa pagsang-ayon at laban ng paglilipat sa ospital kapag magkakasakit kayo o magpasiya kung anong paggagamot ang mas gugustuhin ninyo habang nasa krisis.

KUNG HINDI ITO ISANG EMERHENSIYA

Kung hindi ito isang emerhensiya, tatasahin ng nars ang inyong kondisyon:

- Tatanungin kayo kung ano ang nangyari, ano ang pakiramdam ninyo, saan ito sumasakit
- Pakikinggan ang inyong puso at mga baga
- Kukunin ang inyong temperatura, presyon ng dugo, antas ng oxygen
- Susuriin ang inyong dugo at ihi

Maaari ninyong tanungin ang nars tungkol sa mga resulta at kung tatawagan ang inyong doktor o pamilya. Kung mayroon kayong anumang mga alalahanin sa pagpapa-ospital, ito na ang panahon para ipahayag ang mga ito.

NASA EMERHENSIYA

Sa isang sitwasyon na nagbabanta sa buhay, maaaring tumawag ang kawani sa 911 o dalhin kayo kaagad sa emergency room. Tatawagan din nila ang inyong doktor o ibang medikal na tagapagkaloob (tulad ng isang propesyonal na nars o katulong ng doktor) at pamilya.



“Nais kong makasangkot ng 100%.”
(Pasyente)

“Ginagawa namin ang lahat upang mamalagi sila rito. Isinasagawa muna namin ang mga pagsusuri, ang tamang pagtatasa, mga pagsusuring diyagnostiko, anuman ang kaya naming gawin dito bago namin sila ililipat sa ospital.”
(Nars)



“Depende kung ano ang nangyayari, ang kalubhaan ng sakit. Bigyan ninyo ako ng listahan kung ano ang kayang gawin ng ospital para sa akin at kung ano ang kaya nilang gawin para sa akin dito.”
(Pasyente)

“Ayaw kong pindutin ang panic button (pindutan ng pagakataranta) at dalhin siya sa ospital kung kaya naman pamahalaan dito.”
(Anak na lalaki)

MGA DAHILAN UPANG MAS GUGUSTUHIN NA GAMUTIN DITO

Maraming mga pagsusuri at mga paggagamot ang kayang ibigay sa isang dalubhasang pasilidad o sentrong pangrehabilitasyon:

- Mga gamot
- Mga X-ray
- Mga pagsusuri ng dugo
- Oxygen
- Pangangalaga ng sugat
- Pagtingin sa inyo at pag-uulat sa inyong doktor o ibang medikal na tagapagkaloob
- Pangangalagang pampaginhawa (pampaginhawa ng sakit, mga likido, pagpapahinga sa kama)
- IV (sa ugat) na mga likido sa ilang mga pasilidad

Maaari ninyong tanungin ang inyong nars, doktor o ibang medikal na tagapagkaloob kung ano pa ang maaaring nilang gawin para sa inyo rito.

MGA DAHILAN UPANG MAS GUGUSTUHIN NA GAMUTIN SA OSPITAL

Ang mga ospital ay maaaring magbigay ng mas mahirap na unawain na mga pagsusuri at paggagamot kabilang ang:

- Pagmomonitor ng puso
- Mga pag-scan sa katawan
- Maingat na pangangalaga
- Pagsasalin ng dugo
- Pag-ooopera

MAY MGA PANGANIB DIN ANG PAGPUNTA SA OSPITAL

Ang paglipat sa ospital ay maaaring magdulot ng istres. Malamang na dapat ninyong muling ipaliwanag ang inyong mga alalahanin sa mga bagong nars at doktor. Mas malaki rin ang panganib na magkaroon kayo ng sugat sa balat, malantad sa impeksiyon o mahulog sa isang hindi pamilyar na lugar. Maaari kayong maging mas komportable sa pamamalagi rito at sa pangangalaga ng mga kawaning kilala kayo.



PAGIGING KASANGKOT SA PAGPASIYA

May karapatan kayong malaman kung ano ang nangyayari sa inyo, kung paano ginagawa ang mga pagpasiya tungkol sa inyong pangangalaga at kung paano kayo maaaring masangkot.

Maaari ninyong kausapin ang mga sumusunod na tao tungkol sa inyong mga mapagpipilian:

- Mga nars
- Mga doktor at ibang mga medikal na tagapagkaloob
- Mga manggagawang panlipunan
- Tagapayong espiritwal
- Mga miyembro ng pamilya
- Mga matatalik na kaibigan

Sadyang mga napakapersonal na pagpasiya ang mga ito. Kayo ang bahala sa kung sino ang kakausapin ninyo at kung kaninong mga opinyon ang pakikinggan ninyo.

Maaari ninyong ipaalam ang inyong mga kagustuhan sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-usap sa mga taong nakalista sa itaas
- Pagsulat ng inyong mga pagnanais at pagsabi sa mga tao kung saan matatagpuan ang mga dokumentong ito
- Pagkumpleto ng mga dokumento ng nauunang kautusan kabilang ang:
 - Kapangyarihan ng abugado para sa pangangalagang pangkalusugan
 - Kahalili sa pangangalagang pangkalusugan (pagbigay sa ibang tao ng kapangyarihang gumawa ng mga pagpasiya tungkol sa pangangalagang pangkalusugan kung hindi na ninyo kayang gawin ito)
 - Habilidad ng nabubuhay (itinatakda ang inyong mga kagustuhan sa pangangalaga sa mga huling sandali ng buhay)
 - Humiling ng isang DNR (do not resuscitate) Huwag Muling Buhayin o DNH (do not hospitalize) Huwag Ipaospital na utos
 - Form para sa Mga Utos ng Doktor para sa Paggagamot na Umaalalay ng Buhay (POLST) o katulad

ANO ANG AMING MAGAGAWA UPANG TULUNGAN KAYO SA PROSESONG ITO?

Kung may mga katanungan pa kayo, mangyaring tanungin ang inyong nars, manggagawang panlipunan, doktor, propesyonal na nars o katulong ng doktor na makipag-usap sa inyo. Maaari din silang magrekomenda ng iba na makipag-usap din sa inyo.

“Sila (residente at pamilya) ay maaari lamang na gumawa ng isang may kaalamang pagpasiya kung tinataglay nila ang lahat ng impormasyon.”
(Doktor)



NATATANGING IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NG PAMILYA NG MGA RESIDENTENG MAY DEMENTIA

“Karaniwan ko siyang tinatanong, ano sa tingin mo? Ipinaliliwanag ko at sinasabi ko ang lahat sa kanya.”
(Asawang Lalaki)

“Ang pagpapaalam sa pamilya, at pagtitiyak na alam nila ang mga pagsusuring isinasagawa, ang mga resulta, ay talagang nakakatulong sa mga pagpasiya. Ang kanyang kagalangan ay ang aking pangunahing alalahanin.”
(Kapatid na babae)

1. **Papupuntahin ba sa ospital ang miyembro ng aking pamilya kahit na siya ay may Alzheimer’s o dementia?**

Papupuntahin ang miyembro ng inyong pamilya sa ospital kung kinakailangan maliban kung siya ay nasa mga malubhang yugto na ng sakit, ay nasa ospisyo o may mga nauunang kautusan na nagtatakda ng walang pangangalaga sa ospital.

2. **Maaari pa bang makilahok ang miyembro ng aking pamilya sa talakayan tungkol sa paglipat sa ospital?**

Ito ay depende kung gaano kalala ang problema sa pag-alala at kung gaano kalala ang sakit ng miyembro ng inyong pamilya sa panahong iyon. Ang mga taong nasa mga unang yugto ay kaya pang ipahayag ang kanilang mga pagnanais. Ang mga taong nasa mga huling yugto ay maaaring hindi na.

3. **Kahit na hindi kayang ipahayag ng miyembro ng aking pamilya ang kanyang mga pagnanais, dapat ba naming sabihin sa kanya kung ano ang nangyayari?**

Oo. May karapatan ang miyembro ng inyong pamilya na malaman kung ano ang nangyayari at maaaring mabalisa o matakot kung ililipat sa isang hindi pamilyar na lugar ng walang paliwanag. Tiyakin na gumamit ng mga simple at direktang mga salita (“may sakit ka”, “sa tingin ng doktor, dapat kang pumunta sa ospital”), mahinang boses at mahinahong paraan habang ipinapaliwanag ang sitwasyon sa inyong minamahal.

4. **Paano ko (bilang miyembro ng pamilya) matitiyak na ganap na makasangkot ako sa proseso ng pagpasiya?**

Maaaring kailangan ninyong kumpletuhin ang ilang mga legal na form upang gawin ito. Tanungin ang inyong doktor o ibang medikal na tagapagkaloob o ang manggagawang panlipunan sa pasilidad para sa mas detalyadong impormasyon. Mas mainam na gawin ito bago magpahayag ang tanong tungkol sa paggagamot o paglipat ng ospital.

Mga Madalas na Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs)



TUNGKOL SA MGA PAGLILIPAT SA OSPITAL

- 1. Ano ang isang “medikal na tagapagkaloob”?**

Ang inyong medikal na tagapagkaloob ay maaaring isang doktor (MD), doktor ng osteopathy (DO), nars na propesyonal (NP) o katulong ng doktor (PA).
- 2. Bakit maaaring isaalang-alang ng aking doktor o ibang medikal na tagapagkaloob na ipadala ako sa isang ospital?**

Kung kayo ay makakaranas ng isang pinsala o isang mamalubhang pagbabago sa inyong kondisyon, maaaring isaalang-alang ng inyong medikal na tagapagkaloob na ipadala kayo sa ospital.
- 3. Kailan magiging pinakamainam para sa akin ang pamamalagi rito?**

Kung kaya naming ibigay ang pangangalagang kailangan ninyo, kung sa gayon ang pamamalagi rito ay ang pinakamainam na pagpili.
- 4. Anong uri ng pangangalaga ang ibinibigay rito?**

Nag-iiba-iba ito ayon sa pasilidad pero ang karamihan ay kaya kayong bigyan ng mga gamot na iniinom o iniksyon, IV (sa ugat) na mga likido maliban sa mga pagsasalin ng dugo, mag-utos ng mga karaniwang pagsusuri sa laboratoryo at mga x-ray, at magsagawa ng mga pana-panahong pagsusuri sa inyong kondisyon.
- 5. Ano pa ang ibang mga dahilan na mas gugustuhing ka na alagaan dito?**

May ilang mga dahilan. Pamilyar sa iyo ang mga kawani at mga karaniwang gawain. Kilala na kayo ng mga kawani, ang inyong kasaysayan ng kalusugan at inyong mga pangangailangan at mas hindi gaanong magagambala ang inyong karaniwang gawain kung mamalagi kayo rito. Ang mismong paglilipat ay maaaring nakakapagod, magdulot ng istres para sa inyo. Maaaring magkaroon ng mga komplikasyon sa ospital.
- 6. Kailan magiging pinakamainam para sa akin ang pagpunta sa ospital?**

Ang mga ospital ay sadyang may mas maraming kagamitan at kawani kaysa sa mga dalubhasang pasilidad o sentrong pangrehabilitasyon. Maaari silang magsagawa ng mas mahirap na unawain na mga pagsusuri sa laboratoryo, mga x-ray at scan, subaybayan ng mas masinsinan ang inyong kondisyon, magbigay ng mga pagsasalin ng dugo at magsagawa ng mas mahirap na unawain na mga pamamaraan tulad ng pag-oopera.
- 7. Ano pa ang ibang mga dahilan kung bakit mas gugustuhin kong maipadala sa ospital?**

Kung sandali pa lang kayong naririto, maaaring hindi pa kayo gaanong komportable rito. Maaari rin kayo magkaroon ng isang itinatanging doktor o ibang medikal na tagapagkaloob na titingin sa inyo sa ospital pero hindi rito.



Mga Madalas na Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs) patuloy

8. Ano ang isang hospitalist?

Ang mga hospitalist ay mga doktor na nag-espesyalista sa pagbigay ng pangangalaga sa ospital. Sa maraming mga ospital, ang hospitalist ang namamahala sa inyong pangangalaga, hindi ang inyong tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga.

9. Sino ang gagawa ng huling pagpasiya kung dadalhin ako sa ospital o mamalagi ako rito?

Ang inyong doktor, propesyonal na nars, o katulong ng doktor, kasama ang pag-konsulta sa inyo, ang inyong pamilya at ang inyong mga nars, ang gagawa ng huling pagpasiya.

10. Gaano kalaki ang impluwensiya ko sa pagpasiyang ito?

Depende ito sa inyo. Nag-iiba ang mga tao ayon sa gaano karaming impormasyon ang kailangan nila at gaano kalaki ang impluwensiya nila sa pagpasiyang ito. Kung sa anumang dahilan magpasiya kayo na nais ninyong magpalipat o mamalagi rito ng hindi sang-ayon sa payo ng inyong medikal na tagapagkaloob at mga nars, maaari kayong papirmahan ng isang form upang panagutan ang inyong pagpasiya.

11. Anong mangyayari kung ito ay isang emerhensiya?

Kung tinawagan ang 911, makakatanggap kayo ng paggagamot sa mismong lugar galing sa mga EMT (tauhan ng ambulansiya) at dadalhin kayo sa pinakamalapit na ospital.



Mga Madalas na Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs) patuloy



12. Maaari ko bang hilingin ang isang partikular na ospital?

Maaari ninyong hilingin ito ngunit sa isang emerhensiya, dadalhin kayo ng mga EMT sa pinakamalapit na ospital kung maaari nitong ibigay ang pangangalagang kailangan ninyo. Kung hindi ito isang emerhensiya at ang inyong itinatanging ospital ay malapit naman, maaari nila kayong dalhin doon.

13. Malalaman ba ng pamilya ko kung nasaan ako? Malalaman ba nila kung ano ang nangyayari sa akin?

Minsan sa isang emerhensiya ng 911, wala nang oras na tumawag sa mga miyembro ng pamilya hanggang nasa daan na kayo papunta sa ospital. Maaari ninyong hilingin na tawagan sila sa lalong madaling panahon. Kapwa ang inyong tagapagkaloob at ang kawani ng dalubhasang pasilidad o sentrong pangrehabilitasyon ay may pananagutan na panatilihin silang nakakaalam.

14. Maaari ba akong patuloy na makatanggap ng pisikal at terapiyang panggawain kung pupunta ako sa ospital?

Depende ito sa dahilan kung bakit kayo pupunta sa ospital at kung gaano kalala ang inyong sakit. Kung kailangang ipahinto ang terapiya, ito ay sisimulan muli kung handa na kayo.

15. Babalik ba ako rito pagkalabas ko mula sa ospital?

Sa karamihan ng mga kaso, babalik kayo rito ngunit sa ilang mga kaso, maaaring mas mainam para sa inyo na pumunta sa isang ospital sa rehabilitasyon, sa ibang dalubhasang pasilidad o umuwi sa inyong bahay.

16. Pananatilihin bang pasilidad ang aking silid habang ako ay nasa ospital?

Kadalasan, pananatilihin ng pasilidad ang inyong silid ng ilang mga araw. Ngunit nag-iiba ang mga patakaran ito kaya mas mabuti na magtanong sa isang tao sa pasilidad kung ano ang kanilang patakaran kung nag-aalala ka tungkol dito.

17. Anong mangyayari sa aking mga personal na gamit kung ililipat ako sa ospital?

Maaaring itago dito ang inyong mga personal na gamit

18. Bakit natin pinag-uusapan ito ngayon?

Mahirap na maingat na isaalang-alang ang mga opsyon at inyong mga personal na kagustuhan habang nasa krisis, tulad ng pagiging malubha ang sakit na dadalhin ka sa ospital. Maaari na nabalisa, nag-aalala o masyado masama ang pakiramdam ninyo para pag-usapan ang inyong mga kagustuhan kasama ng inyong tagapagkaloob o inyong pamilya.



Mga Madalas na Itanong (Frequently Asked Questions, FAQs) patuloy

19. Bakit napakahalaga ng pagpasiyang ito?

May ilang mga dahilan kung bakit mahalaga ang pagpasiyang ito. Minsan, ang mga pasyente o ang kanilang mga miyembro ng pamilya ay nagiging masyadong mabalisa kapag nagkakasakit ang pasyente at hinihiling nilang dalhin ang pasyente sa ospital kung maiibibigay ang paggagamot dito. May ilang mga panganib at kaunting kawalang ginhawa na kaugnay sa pagpunta sa ospital. Ang maaaring maging sanhi ng kawalang ginhawa ang mismong paglipat, bagong kapaligiran, mga bagong kawani at mga bagong karaniwang gawain. Kabilang sa mga panganib ang mga pagkahulog, mga sugat sa balat (sanhi ng presyon) at mas pagkalantad sa impeksiyon. Kapwa ang paglipat at ang pangangalaga sa ospital ay napakamahal. Ang ilan sa mga gastos na ito ay maaaring hindi saklaw ng inyong seguro. Maaari kayong magtanong tungkol dito upang isaalang-alang ang impormasyong ito sa inyong pagpasiya.

PANGANGALAGANG PAMPAGINHAWA, PANGANGALAGANG PAMPATIGHAW, OSPISYO AT MGA NAUUNANG KAUTUSAN

1. Ano ang pagkakaiba ng pangangalaga sa ospisyo at pangangalagang pampatighaw?

Ang uri ng pangangalagang ibinibigay ay magkatulad ngunit ang pangangalaga sa ospisyo ay nilalayon para sa mga pasyenteng nasa mga huling buwan ng kanilang buhay (karaniwang 6 buwan o mas kaunti) habang ang pangangalagang pampatighaw ay maaaring magpatuloy ng maraming buwan, o kahit ilang mga taon. Ang pangangalaga sa ospisyo ay nakatuon sa pagkontrol sa sakit, pamamahala ng sintomas, suportang pang-emosyonal at pang-espiritwal.

2. Ano ang “pangangalagang pampaginhawa”?

Ang pangangalagang pampaginhawa o pangangalagang pampatighaw ay nakatuon sa pampaginhawa ng sakit at ng ibang sintomas tulad ng pagsusuka, pagkapagod, depresyon, pagtitibi o pagtatae, o mga problema sa paghinga na dulot na inyong sakit o ng paggamot ng inyong sakit. Ang mga pangkat ng pangangalagang pampatighaw ay tinutulungan din kayong makayanan ang inyong sakit, sa pagbigay ng mga praktikal na solusyon, pangangalagang pang-emosyonal at pang-espiritwal.

3. Ano ang mangyayari kung may pangangalagang ospisyo ako pagpunta ko sa ospital?

Kapag pumunta kayo sa ospital, maaaring kailanganin ninyong muling maging karapat-dapat para sa ospisyo sa pagbalik ninyo rito. Kung may oras, dapat tawagan ang ospisyo bago kayo ilipat sa ospital..

“Itong aking mga baga. Wala na silang magagawa para sa akin kaya mas gusto ko pang manatili rito kung saan kilala nila ako at magiging komportable ako. Iba sana kung, pagkatapos nila, masasabi nilang ‘maaari ka nang tumayo mula sa silyang iyan at pumunta sa sayawan’. Ngunit hindi ito mangyayari.”
(Pasyente)

4. Ano ang mga nauunang kautusan? Dapat ba akong magkaroon ng mga ito?

Ang mga nauunang kautusan ay mga dokumentong nagpapaalam sa inyong pamilya, medikal na tagapagkaloob, ospital, mga kawani ng dalubhasang pasilidad o sentrong pangrehabilitasyon kung aling uri ng pangangalaga ang nais ninyong matanggap sakaling hindi na ninyo kayang makasangkot sa pagpasiya dahil masyadong malala na ang inyong sakit. Maaari ninyong sabihin na ayaw ninyo ng may mga paggagamot tulad ng CPR (resusitasyon) kung tumigil ang puso ninyo o ikabit sa isang makina sa paghinga dahil hindi na ninyo kayang huminga sa inyong sarili. Maaari din ninyong ipahayag na gusto ninyo ang lahat ng paggagamot na mayroon kung iyon ang inyong kagustuhan. Maaari ninyong italaga ang isang tao (nasa edad na anak, kapatid, asawa) na magpasiya para sa inyo kung hindi ninyo kayang gawin ito para sa inyong sarili.

5. Kung may mga nauunang kautusan ako, tutuparin ba ang mga pagnanais ko?

Upang tiyakin na matupad ang inyong mga pagnanais, repasuhin ang mga ito kasama ang mga kawani, inyong pamilya at medikal na tagapagkaloob habang maaga pa. Tiyakin na may isang kopya sa inyong tsart sa ospital at dito. Magandang ideya ang magbigay ng mga kopya ng inyong nauunang kautusan sa inyong pamilya at medikal na tagapagkaloob ng pangangalaga habang maaga pa.

6. Kapag nagpahayag na ako ng aking mga pagnanais sa mga nauunang kautusan, maaari ba na magbago ang aking isip?

Oo, maaari kayong magbago ng isip at ang mga nauunang kautusan anumang oras.






Puno ng Pagpasiya

PUMUNTA SA OSPITAL O MAMALAGI RITO?

ISANG PAGBABAGO SA NANGYARI SA INYONG KONDISYON



Ano Ang Sinasabi ng Mga Pasyente Tungkol sa Pagpunta sa Ospital o Pamamalagi sa Dalubhasang Pasilidad Kung May Nangyaring Pagbabago sa Kondisyon



“Ako ang gumagawa ng aking mga sariling pagpasiya. Kaya ko pa sa ngayon at hindi ko kailangan ang sinuman.”

“Pinakikinggan ko ang doktor, pinakikinggan ko ang mga nars at saka ako magpapasiya.”

“Ang aking isang anak na lalaki at ang aking tatlong anak na babae ay tinutulungan akong magpasiya. Pag-uusapan namin ito.”

“Hahayaan kong magpasiya ang mga taong nagtatrabaho rito, ang aking mga doktor at nars. Mas marami silang nalalaman kaysa sa akin. Sasabihin na lang nila sa akin kung dapat na akong pumunta.”

“May mga pagkakataon na namamalagi ako rito at may iba namang pagkakataon kung kailan nangailangan akong pumunta sa ospital. Mas gusto kong mamalagi rito. Masaya ako rito at maayos ang pagtrato nila sa akin.”





Ano Ang Sinasabi ng Mga Pasyente Tungkol sa Pagpunta sa Ospital o Pamamalagi sa Dalubhasang Pasilidad Kung May Nangyaring Pagbabago sa Kondisyon

“Ito ay isang bagay na pag-uusapan namin. Kung sa tingin ko na kailangan niyang pumunta sa ospital, na makukuha niya ang pinakamahusay na paggagamot doon, mas malamang na irerekomenda ko ito sa kanya.” (Anak na babae)

“Walang sinuman ang nais na makita ang isang magulang sa ospital – talagang naii-stres ako rito pero napag-alaman ko na nasa mabuting mga kamay siya. Pinasok siya sa maingat na pangangalaga pero nakalabas na siya at maayos na ang kalagayan niya ngayon.” (Anak na lalaki)

“Sa tingin ko, dapat malaman ng mga pamilya kung ano ang nangyayari, napakahalaga nito. Nais kong malaman ang lahat. Ang katapatan ng mga kawani ay ang pinakamahalaga para sa akin, na matapat nilang tinatalakay ang tungkol sa problema. Sa ganito, kaya kong magpasiya nang tama. Dapat siyang maging komportable sa pagpasiya.” (Asawang babae)

“Ang Diyos lamang ang nakakaalam, anuman ang sa tingin nila na kaya nilang gamutin, ayos na sa akin.” (Asawang Lalaki)

“Kung ito ay kanser na walang gamot, hindi kami mag-aatubili na nais namin na pumunta rito ang ospisyo. Pero kung ito ay isang grabeng impeksiyon, sa tingin ko, dapat siyang pumunta sa ospital upang gamutin.” (Asawang babae)

“Nais kong ganap na makilahok sa pagpasiya, nais kong malaman ang lahat ng katotohanan. Lubos.” (Kapatid na lalaki)

“Ang aking kapatid na lalaki ang may kapangyarihan ng abugado ngunit sama-sama kaming nagpapasiya tungkol sa kanya.” (Anak na babae)

“Nais kong malaman kung gaano kalala ang sakit at kung anong kinalabasan ang inaasahan.” (Habang-buhay na kaibigan na isang kinatawan ng pangangalagang pangkalusugan)

“Kung hindi ito malala, kaya itong pamahalaan ng nursing home. Dito, maaari silang magbigay ng mga antibiyotiko na iniinom, mga bagay na katulad nito. Depende kung ano ito.” (Babaing anak na panguman)

“Tatalakayin ko kasama ng aking asawa ngunit mas nakikilahok ako dahil narito ako araw-araw.” (Manugang na babae)

Ano Ang Sinasabi ng Mga Tagapagkaloob ng Pangangalaga Tungkol sa Pagpunta sa Ospital o Pamamalagi sa Dalubhasang Pasilidad Kung May Nangyaring Pagbabago sa Kondisyon



“Sinusubukan naming gamutin dito ang pasyente bago siya ilipat. Sinasabi namin sa mga pasyente, ‘sa ngayon, kaya namin ito. Ngunit susubaybayan namin ito, at kapag hindi ito gumagaling, papupuntahin namin kayo sa ospital.’” (Doktor)

“Karamihan ng mga pangmatagalang residente ay nais makasangkot sa pagpasiya dahil mas ginugusto nilang gamutin dito. Pati na rin ang mga pasyente sa rehabilitasyon, kung gumagaling sila.” (Nars)

“Nais ng karamihan ng mga pamilya na marinig ang kanilang boses. Tulad din ng mga pasyente, kung kaya pa nila.” (Doktor)

“May mga pamilyang lubos na nakikilahok; ang iba naman ay hinahayaan na lang sa pasilidad at sa doktor ngunit nais nila na ipaalam sa kanila.” (Nars)

“Ang doktor ang kadalasang bantay-pinto.” (Tagapangasiwa)

“Minsan, sinasabi namin na kailangan nilang pumunta at inaayawan nila – sila ang bahala. May karapatan silang pumili ayon sa tingin nila ang pinakamainam para sa kanila pagkatapos mong ipaliwanag at muling tiyakin sa kanila.” (Nars)

“Ang kabutihan sa pamamalagi rito ay kilala na nila ang mga kawani.” (Nars)

“Tungkol ito sa residente. Mas ginugusto ko na gamutin sila rito kung maaari. Sinusubukan naming igalang ang kanilang mga kagustuhan, pinalalahok namin ang mga doktor at pati na rin ang pamilya.” (Tagapangasiwa)

“Maaari silang maging mas komportable rito. Ngunit kung hindi namin kayang pamahalaan ang sakit o kung kailangan nila ng anumang pagsusuring diyagnostiko o pamamaraan na hindi namin ginagawa rito, sadyang kailangan nilang pumunta sa ospital.” (Manggagawang panlipunan)

Funding for this Decision Guide was provided by
Patient-Centered Outcomes Research Institute (PCORI).

Grant #: PFA12001. 1P2PI000281-01.

Title: Involving Nursing Home Residents and Families in
Acute Care Transfer Decisions.

Ruth M. Tappen, EdD, RN, FAAN, *Principal Investigator*

Copyright Florida Atlantic University

www.decisionguide.org

